## Abot-kayang Halagang Pabahay para sa Iba't ibang Manggagawa

Ipinapaaninag ng proyekto ang dedikasyon ng VTA sa abot-kayang halagang pabahay at paglikha ng pagiging kabilang at masiglang mga komunidad sa paligid ng mga istasyon ng transit, nagpaplano ng 60 milyong sq.ft. ng bagong pangkomersyal at pangresidensyal na pagpapaunlad malapit sa apat na mga bagong istasyon.

- Kasama rin dito ang mga pamantayan ng Transit Oriented Communities, na nagsusulong ng madaling ma-access at nasusustinihang pamumuhay na nakapokus sa abot-kayang halagang pabahay, iba't ibang manggagawa, at pantay na access, tinitiyak ang paglago ng ekonomiya at pinahusay na mga koneksyon ng transit.

## Malinis at Maberdeng Transit na Kahalili ng Pangunahing Masikip na mga Daanan sa Pag-comute

- Babawasan ng proyekto ang masikip na trapiko at mga pagkaantala sa pamamagitan ng paglalaan ng isang praktikal na alternatibo kapalit ng pagmamaneho, sa gayon ay binabawasan ang dami ng mga kotse sa daan at ang kaigtingan na hatid nito sa mga tao at kapaligiran.
- Ipinakikita ng mga kamakailang pag-aaral na ang proyekto ay magdudulot ng pagbaba ng 56.4 milyong milyang tatakbuhin ng sasakyan (vehicle miles travel, VMT) sa pamamagitan ng pagbabawas ng 50 toneladang CO2 at 19,500 toneladang ibinubugang Green House Gass. Tutulong itong mapasulong ang kalidad ng hangin at mapigilan ang higit pang pagbabago ng klima.

## Malapit na ang Mas Mahusay na Konektado at Pinahusay na Santa Clara Count

- Magbibigay ang proyekto sa mga residente ng Santa Clara County ng matipid at maaasahang mga pagpipilian sa transportasyon, ikinukonekta sila sa mga sentro ng trabaho, mga institusyong pang-edukasyon, at mga pasilidad sa pangangalagang pangkalusugan kapwa sa county at sa buong Bay Area.
- Ang commitment na maglalaan ng abot-kayang halagang pabahay sa lugar ng istasyon ay magbibigay ng direktang pakinabang sa mga residente ng Lungsod ng San Jose at Lungsod ng Santa Clara na nahihirapang maghanap ng murang pabahay. Tutugunan ng commitment na ito ang mga hamon sa pabahay ng lungsod sa pamamagitan ng pag-aalok ng mas madaling ma-access at mga opsyon sa abot-kayang halaga na mga pabahay, pinasusulong ang pangkalahatang kalidad ng buhay para sa lahat ng residente.
- Nakatuon ang proyekto sa patas na access, paglikha ng trabaho, at abot-kayang halaga ng pabahay na direktang magbibigay ng mga pakinabang sa iba't ibang mamamayan ng Santa Clara County, sa pamamagitan ng pagpapaganda ng pangkalahatang kapakanan at kalidad ng buhay para sa mga residente ng county, tinitiyak na ang mga mahihirap na komunidad ay may mas maayos na access sa mga oportunidad at mahahagalang serbisyo.

Mga larawan na pwede pang magbago

Valley Transportation Authority
*Solutions that move you*


@vtabsv @vtabsv2 @vtabsv2

VTABART.org

vtabart@vtabsv.com

***VTA's BART Phase II Hotline***
(408) 321-2345 / (408) 321-2330 TTY


# BART SILICON VALLEY PHASE II NA EXTENSION PROJECT NG VTA

Nagdadala ng Access at mga Oportunidad sa Santa Clara County




Valley Transportation Authority
*Solutions that move you*

Ang BART Silicon Valley Phase II na Extension Project ng VTA (BSVII) ay proyektong babago na pagkakaisahin at bibigyang-kapangyarihan ang komunidad na siniserbisyuhan nito, isinasakatuparan ang bisyon na "Ringing the Bay" na gamit ang de-kalidad at maberdeng rail transit. Suportado ng matibay na commitment ng lokal at estado, inuuna nito ang patas na access, kasama na ang abot-kayang halaga ng pabahay, de-kalidad na transit, at mga pamayanang kabilang, habang ikinukonekta ang mga residente ng South Bay sa milyon-milyong trabaho at lumilikha ng 75,000 iba't ibang uri ng oportunidad sa trabaho. Ang bisyon ng VTA ay isa sa inclusion at pag-unlad, nag-iiwan ng pamana para sa Santa Clara County at sa mas malaking Bay Area.

Matuto pa ng higit tungkol sa mga benepisyo at kahalagahan ng pagsamantala sa paggamit sa multi-billion-dollar na puhunan sa transit upang baguhin magpakailanman ang mga lungsod ng San Jose at Santa Clara.

## 2024 ang Aming Taon! Napakalaking Pinansyal na Commitment ng Pederal, Estado, at Lokal sa BART Extension Program

- Sa halos $1 bilyon mula sa Pamahalaang Pederal para sa Phase I, idagdag pa ang matibay na suporta ng lokal kasama na ang $1.2 bilyon ng Santa Clara County para sa Phase I, ipinapakita ng proyektong ito ang universal na commitment tungo sa pagsusulong ng access sa transportasyon.
- Sa halos $6.45 bilyon mula sa estado at county na naka-commit na sa BSVII, inilalarawan ng proyektong ito ang pinagsama-samang pagsisikap tungo sa transportasyon at pang-ekonomiyang pagbabagong-anyo at pagpapaganda.
- Hindi lamang ipapaaninag ng mga pamumuhunan na ito ang kagustohan ng mga botante kundi babawasan din nito ang masikip na trapiko at magtataguyod ng paglago ng trabaho sa buong Santa Clara County, pahuhusayin ang mobility at mga benepisyong pang-ekonomiya sa bawat antas.
- Kasalukuyang naghahanap ang VTA ng humig-kumulang $6.3 bilyong pondo mula sa Federal Transit Administration (FTA) na halos katumbas ng pondo ng lokal at estado na nakalaan na para makumpleto ang kabuuang pondong kailangan upang maitayo ang Proyekto.





## Naghahatid ng Commitment sa 16-Mile Program, Kukumpleto sa Pangmatagalang Bisyon sa Ring the Bay na mayroong Mabilis at Madalas na Rail Transit

- Ang pagkumpleto sa BSVII ay magkukunekta sa Santa Clara County na may mas malaking sistema ng BART, naglalaan ng mga maalwang koneksyon mula sa South Bay patungo sa mga lugar sa North Bay na siniserbisyuhan ng BART at Caltrain.
- Para sa karaniwang 50-milyang pag-commute sa Bay Area, ang pagsakay sa BART ay magbibigay ng katipiran sa mga sumasakay ng average na 30 minuto kung ikukumpara sa pagmamaneho.
- Ang BSVII extension ng VTA ay lubusang hiwalay mula sa lahat ng pagbibyahe sa sasakyan, bisikleta at pedestriyan. Mas patitipirin nito ang sistema ng BART sa pamamagitan ng pagbabawas ng mga pagkaantala at ginagawang mas maaasahan, at tutulung din na makapagbigay ng mas ligtas na mga kalye sa pamamagitan ng paghadlang sa mga banggaan ng pedestriyan, bisikleta, at sasakyan.

## Paglikha ng Trabaho

- Pagkakumpleto, makakalikha ang proyekto ng 75,000 trabaho, kasama na ang mga direktang trabaho sa mismong industriya ng konstruksyon at mga sumusuportang posisyon, nag-aalok ng malaki-laking oportunidad sa trabaho.
- Ang Community Workforce Agreement sa mismong Project Labor Agreement (PLA) ang titiyak na uusad ang proyekto sa mahusay na paraan at may pagkakapantay-pantay sa pamamagitan ng pag-iwas sa mga alitan sa labor at pagtataguyod ng kapaligirang nagtutulungan at responsableng kapwa.
- Ipinapaaninag ng PLA ang commitment ng VTA sa pagkakasari-sari, pagiging kabilang, at pagkakapantay-pantay, nagtataguyod ng pagkakasari-saring pangnegosyo at mga oportunidad sa karera para sa mga mahihirap na komunidad, sa gayon ay nagpapakilos sa pagbabagong panlipunan at pang-ekonomiyang pagbibigay-kapangyarihan sa Santa Clara County.







## Panatilihin at Palaguin ang Ekonomiya ng Silicon Valley

- para sa bawat $1 na pinuhunan sa proyekto, nagreresulta ito ng $5 ng paglago sa ekonomiya na nililikha para sa Santa Clara County, nagbibigay ng matibay na pang-ekonomiyang balik-puhunan para sa paglikha ng trabaho at pang-ekonomiyang aktibidad.
- Sa pamamagitan ng pagtulong na mapasulong ang mga koneksyon ng transit para sa mga empleyado at employer, palalawakin ng proyekto ang mga oportunidad sa trabaho para sa 2 milyong katao sa Santa Clara County sa pamamagitan ng pagbibigay ng access sa 3.5 milyong trabaho sa Bay Area.
-

## Naghahatid ng Patas na Access sa Transit

- Tunguhin ng proyekto na pahusayin ang access sa pampublikong transportasyon sa East San Jose, pinasusulong ang pagkonekta para sa mga sambahayang hindi gumagamit ng kotse at tiyaking mayroong mas madaling access sa pangangalagang pangkalusugan at edukasyon.
- Sa pamamagitan ng maaasahang transit patungo sa mga pasilidad ng pangangalagang pangkalusugan at pagsuporta sa mga akademikong misyon ng Estado ng San Jose at Unibersidad ng Santa Clara na may mga opsyong murang transit, itataguyod ng proyekto ang mas konektadong komunidad at maglalaan ng bagong mga oportunidad para sa mga residente.

Valley Transportation Authority
Solutions that move you